# NAGBABAGONG PANAHON

*by:*
**Arvin Arne P. Rodrigo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Ang napakalaking pagbabago sa ating panahon na nararanasan natin taon taon ay bunga ng tinatawag na climate change. Sa Pilipinas, damang dama na natin ito, kahit hind mo na sabihin kung ano ang napakalaking pagbabago na nararanasan natin na ito ay tiyak na iisa ang sasabahin ng bawat isa. Hindi ito natural na nangyayari, malaking porsyento dito ay kagagawan ng pag unlad ng tao. Ang itinuturing na malaking dahilan nito ay ang pag taas ng temperature dulot ng mga tinawag na greenhouse gases.

Bunga ng mabilis pag-angat ng pamumuhay tao sa Lipunan ay sya namang malaking kasiraan sa kapaligiran. Malaking sakripisyo ang nagagawa natin sa ating paligid, hindi na natin mabilang kung gaano na kalayo ang simpleng pamumuhay natin noon hindi gaya sa panahon ngayon. Mabilis ang pag angat sya namang pagbagsak unti unti ng kalikasan. Kung ang mga natural lang na pamamaraan ang dahilan ay hindi sana natin nararamdaman ang napakalaking pagbabago ng panahon.

Sobrang init sa panahon ng tag-init at sobrang tubig naman sa panahon ng tag-ulan. Ilan lamang sa mga hinid malilimutang mga pangyayari na naganap sa ating bansa ay ang mga kalamidad na tumatama sa atin kada taon. Sa abnormalidad na ito, hindi na natin alam kung ano pa ang mga bagay na darating pa. umunlad man tayo pero wag sana nating kalimutan na alagaan ang ating kalikasan.

Napakahalaga na itinuturo natin sa ating mga mag-aaral o sa bawat indibidwal na tao na pumapaloob sa ating paaralan ang mahahalagang bagay na dapat gawin upang makatulong kahit sa maliit na paraan ang paglaban sa climate change. Maliit man na paraan ay malaking bagay na para sa ating kapaligiran at kalikasan, pag pinag sama-

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

sama ang mga ito ay tiyak na malaking kaginhawaan na sa ating kapaligiran. Hindi pa naman huli ang lahat, sabay sabay tayong magtulungan para sa ikagaganda at ikaaayos ng ating kapaligiran.

*References:*

https://www.pagasa.dost.gov.ph/information/climate-change-in-the-philippines#:~:text=Mean%20temperatures%20in%20all%20areas,all%20parts%20of%20the%20country.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan